# Introduksiyon

GERARD P. CONCEPCION, PhD
JEM R. JAVIER
Mga Editor

*Si Prop. Gerard P. Concepcion, PhD, ay nagtapos ng mga kursong BS. Education, MA Philippine Studies, at PhD Filipino sa UP Diliman. Siya ay katuwang na Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Siya ay kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Philippine Studies bilang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies.*

*Si Jem R. Javier ay Katuwang na Propesor at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay interesado sa mga pananaliksik sa Philippine linguistics and culture studies.*

Ang isyung ito ng *Daluyan* journal ay naglalaman ng pitong artikulo, na pawang nagsusulong ng matatag na identidad at pagsasakasaysayan ng mga karanasan ng mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng kasaysayan ng bansa. Ang unang dalawang artikulo ay naglalayong makaagapay sa pangangailangan ng mga mag-aaral ng wikang pambansa. Ang mga sumunod na artikulo naman ay nagpapamalas, sa pamamagitan ng masinsing pagbabasa (o close reading), ng kakayahan ng iba't ibang pamamaraan ng pagpapahayag o pilosopiya — sistematikong gawi o kilos, awiting-bayan, komiks, nobela, at iba pang akdang pampanitikan — upang itanghal at salaminin ang kolektibong karanasan ng mga mamamayan tungo sa pagbuo ng ideolohiya, kalinangan, at kasarinlan.

Sinikap sa pag-aaral ni Ana Isabel D. Caguicla sa kaniyang artikulong pinamagatang "*Hugnayang Kognitibo: Balangkas sa Pagtatasa at Paglikha ng mga Kagamitang Panturo sa Filipino*" na punan ang mga kakulangang tinukoy sa mga rebyu ng mga teksbuk na ginagamit sa edukasyong primarya sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng balangkas na gagabay sa pagtatasa at paglikha ng mga kagamitang panturo sa Filipino; at ilarawan ang mga katangian ng mahusay na

kagamitang panturo upang maglatag ng mga estratehiya sa paglikha ng mga materyal na panturong umaayon sa mga pamantayan ng *hugnayang kognitibo*. Nagpokus ang pag-aaral sa dalawang teksbuk sa Filipino sa wika at pagbasa na ginagamit ng DepEd. Gamit ang kahong taksonomiya ni Krathwohl, natuklasan na 1) nililinang lamang ng mga layunin sa pagkatuto ng mga teksbuk ang kaalaman sa paghahanap ng katotohanan at ang kaalaman sa pagsasagawa, 2) nililinang ng mga tanong ang magsaulo, ang kaalaman sa paghahanap ng katotohanan at ang kaalaman sa pagsasagawa, at 3) hindi nabigyan ng halaga ang kaalamang metakognitibo sa pagtatakda ng mga gawain. Sa huli, gamit ang panukalang balangkas ng hugnayang kognitibo, itinutulak ng pag-aaral ang mga katangian ng mahusay na kagamitang panturo at ang mga estratehiya sa pagtatasa at paglikha ng mga kagamitang panturo. Inaasahang malaki ang ambag ng pag-aaral lalo pa't nasa transisyon ang sistema ng edukasyon ng Pilipinas sa ilalim ng programang K-12.

Nakapokus naman sa programang Filipino ng 13 Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III ang deskriptibong pag-aaral ni Dexter L. Manzano na pinamagatang "*Ang Programang Filipino ng mga Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III: Batayang Pag-aaral Tungo sa Isang Akademikong Modelong Pangwika.*" Gamit ang metodong triyangulasyon, nasuri ng pag-aaral sa pamamagitan ng talatanungan, panayam, at obserbasyon, ang sitwasyong pangwika ng Filipino sa mga antas ng instruksiyon, pananaliksik, ekstensiyon, produksiyon, at ko-kurikular. Natuklasan ng pag-aral na walang pormal, malinaw at tiyak na patakarang pangwika na ipinatutupad sa bawat pang-estadong unibersidad at kolehiyo sa Rehiyon III. Sa huli, masasabing napapanahon ang pagbuo ng pag-aaral ng isang mungkahing akademikong modelong pangwika na isinasaalang-alang ang pagpaplano, disenyo ng patakarang pangwika, konsultasyon at diseminasyon, implementasyon, at ebalwasyon, na magbibigay-linaw at magpapasikhay sa sitwasyong pangwika ng Filipino partikular sa konteksto at karanasan ng programang Filipino ng 13 Pang-estadong Unibersidad at Kolehiyo sa Rehiyon III.

Ang artikulo ni Reginaldo D. Cruz na pinamagatang "*Saysay ng Kasanayan: Pagbuo ng Identidad sa Arnis o Eskrima*" ay dumidiskurso sa pag-aaral kung paano nakabubuo ang arnis o eskrima bilang isang isport at Filipino Martial Art ng sarili nitong identidad. Bunsod ng pagiging arnisador ng may-akda, naging siksik ang pag-aaral hinggil sa saysay ng mga isinasabuhay na kaalaman at kasanayan hinggil sa arnis, partikular hinggil sa: 1) klasipikasyon sa arnis, 2) salaysay ng pagsasanay sa paggamit ng itak, 3) anggulo ng pagtaga at paghakbang o footwork, 4) katangian ng itak at ang pamamaraan ng paggamit nito, 5) pamamaraan kung walang baston, at 6) pagdadalumat sa mga nabanggit upang bigyan ng saysay ang mga kasanayan ng pag-aarnis. Gaya pa ng ibang komunidad, naipamalas ng pag-aaral na mayaman ang arnis sa mga katangian ng sarili nitong pagkakakilanlan.

Batay sa tatlong aspektong tunog, titik at kahulugan, at ideolohiya, pinaghambing ni John Leihmar C. Toledo, sa kaniyang artikulong pinamagatang "*Ang Pulis at Pushang sa Ilalim ng Tulay: Komparatibong Pagbasa sa Dalawang Popular na Awit*," ang unang bersiyon ng naturang awiting unang pinatanyag ng D'Big 3 Sullivans noong dekada '70 at ang ikalawang bersiyong inawit ng People's Chorale sa paggunita ng Batas Militar

na idinaos noong 2018. Sa pamamagitan nito, ipinamalas ng may-akda ang kakayahan ng awiting popular hindi lamang bilang salamin ng masining at malayang pamamahayag ng kasalukuyang estado ng lipunan, kundi upang magsilbi ring lunan ng politikang makabayan at radikal, na nagdaraan sa mga pagbabago ayon sa pangangailangang bumasag ng katahimikan ng mga umaawit, pumukaw sa damdamin ng inaawitan, at kritikal na punahin ang pinatutunguhan ng mga ganitong awiting-bayan.

Sa kaniyang artikulong pinamagatang "*Si Kenkoy bilang Kuwelang Ingles sa Komiks: Isang Pagdalumat sa Karabaw English bilang Instrumento ng Pagsulong ng Makabayang Diwa sa Panahon ng Kolonyalismong Amerikano; 1929-1934*," ipinakita ni Maria Margarita M. Baguisi kung paanong ang isang uri ng Ingles na lumaganap sa Pilipinas ay naging kasangkapan upang isulong ang makabayang diwa sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Makikitang ang komiks ay hindi lamang isang tuwiran at payak na pamamaraan ng pakikipagtalastasan; mababasa rin dito ang pagsusulong ng makabayang diwa at ang pag-angkin at pag-angkop ng mga Pilipino sa wika at kulturang ipinilit ng Estados Unidos sa panahon ng pananakop nito sa bansa. Ito ay reaksiyonaryo sa tangkang pagbura sa sariling kasaysayan at kabihasnang Pilipino, at dahil sa madaling basahin at unawain ang genre ng komiks, ay naipakikintal ang ideolohiyang ito sa higit na nakararami.

Bagaman isinusulong ng pag-aaral ni Joanne V. Manzano na pinamagatang "*Pagtukoy at Pagpapakahulugan sa mga Akdang Maritimo sa Pilipinas: Mga Makabuluhang Katangian at Kaugnay na Usapin*" na may nagsasariling domeyn ng panitikan ang Panitikang Maritimo, masasabing may kakulangan sa sistematiko at komprehensibong dokumentasyon ng mga akdang maritimo at walang malinaw at eksplisit na pagpapakahulugan sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas. Ipinamalas at tinukoy ng pag-aaral ang mga kompleksiti sa seleksiyon at kategorisasyon ng mga malikhaing teksto na maaaring ilahok o katawanin ang komprehensibong pagpapakahulugan ng Panitikang Maritimo sa Pilipinas gaya ng: 1) kritikal ang dagat sa naratibo, 2) pumapaksa sa mga kaugnay na gawaing maritimo na hindi nakapagpapabalewala o nakapagpapalaho sa dagat, 3) nakapagsisiwalat ng kabuluhan ng dagat, at 4) tumatalakay sa mga usapin ng pag-iral, paghahanap ng kahulugan, o damdaming nagmumula sa danas ng kariktan, biyaya, bagsik, at natatanging kapangyarihan ng dagat. Sa huli, sinasalungguhitan ng pag-aaral ang pangangailangan para sa masinop, komprehensibo at empirikal na pamamaraan ng pagtitipon upang makatungo sa mas malalim na pagpapakahulugan at pagteteorya sa Panitikang Maritimo sa Pilipinas na may angking haraya at pagpapahalagang maritimo na hinubog ng kinapopookang kasaysayan, kultura, politika, at ekonomiya ng mga Pilipino/ sa Pilipinas.

Itinanghal sa artikulo ni E. San Juan, Jr. na pinamagatang "*Salapi, Dangal, Paniniwala: Ang Komodipikasyon ng Kaluluwa sa Kathambuhay, Sa Ngalan ng Diyos ni Faustino Aguilar*," sa pamamagitan ng masinsing pagbabasa ng *Sa Ngalan ng Diyos* ni Faustino Aguilar, ang pakikipagtunggali sa mga epekto ng neoliberalismong dulot ng globalisasyon sa Pilipinas. Pinatingkad ng may-akda ang layunin ng pagkakalathala ng nobela: ilantad ang kamalian ng lumang sistema, punahin ang pagpapatakbo ng simbahan at ng mga tagasunod nito, at ang mga itinuturing niyang kasabwat sa gawaing pandaraya sa sambayanan. Ang akdang ito ni

Aguilar, ani San Juan, Jr., ay sumasalamin sa pamalagiang layunin ng nauna sa kaniyang pagsusulat — ang ilantad ang kapalaran ng mga aba at sahol at ipaunawa sa mambabasa ang taglay niyang kalayaang mag-isip at hindi kinakailangang maging bulag na tagasunod sa naghaharing-uri.

Sa harap ng unos kung saan tahasang inalis ng CHED ang wikang Filipino bilang kursong panlahat sa mga unibersidad at kolehiyo, isang paninindigan ang **Daluyan** sa pananatili ng pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa antas kolehiyo. Bilang isang inter/multidisiplinaring journal hinggil sa mga pananaliksik gamit ang wikang Filipino, patuloy nitong pinayayaman at pinasisikhay ang mga kaalamang nagmumula hindi lamang sa mga lokal na propesyon, kundi maging sa mga lokal at global na disiplina. Kaya, mas naiintelektuwalisa ang wikang Filipino bilang impukan-daluyan ng mga kaalaman: habang ginagamit ang wikang Filipino sa mga pananaliksik, mas nagiging wika ito ng iba't ibang disiplina at mas nagiging wika ito ng pag-aaral at pagkatuto.

Marami pang nararapat na gawin at saliksikin gamit ang wikang Filipino. Espasyo ang **Daluyan** upang maitulay ito sa mamamayan.